HALAW SA KATITIKAN NG IKA-14 NA PANGKARANIWANG PULONG NG 18th SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA–10 NG OKTUBRE 2022 DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN, GUSALING ABC HALL.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN;
Kgg. Charles Clifford F. Matta, Kagawad;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, Kagawad;
Kgg. Romel J. Villanueva, Kagawad;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, Kagawad
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, Kagawad;
Kgg. Elma P. Flores, Kagawad;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, Kagawad;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, Kagawad; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, Kagawad/ABC-President

HINDI DUMALO:
Kgg. Adrian O. Lope, Kagawad/SKF President
*( Sick Leave)*

**KAPASIYAHAN BLG. 051 - 2022**
(AUTHOR: HON. ROMEL J. VILLANUEVA)

**KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA NA HUMIHILING SA LUISIANA JEEPNEY ASSOCIATION SA PAMAMAGITAN NG KGG. JOMAPHER ALVAREZ, PUNUMBAYAN NG LAGUNA, LAGUNA NA NAGPAPABATID NA HINDI NA MAAARING MAGSAKAY NG MGA PASAHERONG TAGA CAVINTI O NAGMULA SA BAYAN NG CAVINTI, NA MAGTUTUNGO SA MGA BAYAN NG PAGSANJAN AT STA. CRUZ AT PABALIK (VICE VERSA) UPANG MABIGYAN NG HANAPBUHAY AT MAGKAROON NG MAAYOS NA PAGBIYAHE ANG MGA JEEPNEY DRIVER AT OPERATOR NG CAVINTI TRANSPORT SERVICE MULTI-PURPOSE COOPERATIVE NG BAYANG ITO.**

SAPAGKAT, batid ng lahat, na dulot ng pandemiya ng COVID-19 ng mga nakaraang taon, halos bumaba ang ekonomiya ng bansa, na nagdulot ng pagkalugi ng mga negosyo at nakaapekto na rin sa ating transportasyon at hanapbuhay;

SAPAGKAT, sa pagbangon ng ating ekonomiya sa kasalukuyan, unti-unti natin itong ginagawan ng paraan kung paano matutulungan ang ating mga kababayan upang magkaroon ng mga pagkakakitaan at maitaas na muli ang antas ng industriyang pangkabuhayan, transportasyon at pangturismo dito sa Cavinti, Laguna;

SAPAGKAT, sa pagbubukas ng mga paaralan at mga negosyo at hanapbuhay, kinakailangan na ring muling pasiglahin at buhayin ang transportasyon para sa ating mga kababayan, upang sa pamamagitan nito ay mabigyan ng maayos na serbisyo ang ating mga naghahanapbuhay, mga mag-aaral at mga mamamayan;

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III

SAPAGKAT, isa sa malaking suliranin sa araw araw na pamumuhay ng ating mga mamamayan sa bayang ito ay ang kakulangan sa mga bumibiyaheng jeepney na magtutungo sa mga karatig bayan, gayundin, ang mabigyan ng hanapbuhay ang ating mga driver at may-ari ng mga jeepney, upang maibsan ang kanilang suliranin sa araw-araw na takbo ng buhay kung paano maitataguyod ang kanilang pamilya, lalo na at patuloy naman ang pagtaas ng mga pangunahing presyo ng gasolina, at mga bilihing pagkain at iba't-ibang pangangailangan ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, isa sa pangunahing layunin ng kasalukuyang administrasyon ay kung paano mabibigyan ng maayos na kabuhayan ang mga mamamayan, ang maitaas at mapaunlad ang antas ng industriyang pangkabuhayan, pangtransportasyon at pangturismo ang pinagtutuunan ng pansin;

DAHIL DITO, pangmadlang kagalingan at kapakanan na maitaas ang antas ng industriyang pangturismo, pangtransportasyon at panturismo, ang pinahahalagahan, sa mungkahi ni Kagawad Romel J. Villanueva, na pinangalwahan ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan, buong pagkakaisang

IPINASIYA, gaya ng nang ngayon ay ginagawang pagpasiya, na MAPITAGANG HILINGIN SA **LUISIANA JEEPNEY ASSOCIATION SA PAMAMAGITAN NG KGG. JOMAPHER ALVAREZ, PUNUMBAYAN NG LUISIANA, LAGUNA NA NAGPAPABATID NA HINDI NA MAARING MAGSAKAY NG MGA PASAHERONG TAGA CAVINTI O NAGMULA SA BAYAN NG CAVINTI, NA MAGTUTUNGO SA MGA BAYAN NG PAGSANJAN AT STA. CRUZ AT PABALIK (VICE VERSA) UPANG MABIGYAN NG HANAPBUHAY AT MAGKAROON NG MAAYOS NA PAGBIYAHE ANG MGA JEEPNEY DRIVER AT OPERATOR NG CAVINTI TRANSPORT SERVICE MULTI-PURPOSE COOPERATIVE NG BAYANG ITO**

IPINASIYA PA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang mga sumusunod, para sa kanilang maagang kaalaman, at kaukulang aksyon at pagtupad:

1. Kgg. Jompher Alvarez, Punumbayan, Luisiana, Laguna;
2. LUISIANA JEEPNEY ASSOCIATION, Luisiana, Laguna;
3. Cavinti Transport Service Multi-Purpose Cooperative, Cavinti, Laguna;
4. Iba pang Ahensiya ng Pamahalaan.

PINAGTIBAY. Oktubre 10, 2022.

PINATUTUNAYAN KO na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-14 Pangkaraniwang Pulong ng ika-18 Sangguniang Bayan ng Cavinti,Laguna, na ginanap noong ika-10 ng Oktubre, 2022.

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice - Mayor

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III

NANETTE V. JUAREZ
Book Binder III

MAY KINALAMAN:

KGG. MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan/Nangungulong Pinuno

PINAGTITIBAY:

KGG. ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan